PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

VOL. 20 NO. 19 JULY 5 - 11, 2021 10.00


# IKA-127 NA MALASAKIT CENTER, IPINASILIP SA BACOOR

**Pinasinayaan ang ika-127 na Malasakit Center sa bansa sa Southern Tagalog Regional Hospital sa Bacoor, Cavite kamakailan.**

Layon ng establisiyimento na mabigyan ng kaukulang health services ang mga mamamayan ng nasabing bayan, kung saan dumalo sa nasabing inagurasyon si Senator Bong Go.



Sen. Christopher Bong Go

Ito na umano ang ika-11 Malasakit Center sa buong rehiyon ng CALABARZON at ikalawa sa probinsiya, bilang karagdagan sa General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital sa Trece Martires na nauna nang binuksan nitong Enero.

Bukod sa kaukulang health services, nais rin na matulungan ng Pamahalaang Nasyunal ang mga pamilya o indibidwal na magkaroon ng maagap na tulong pangkalusugan kung sakaling kanilang kailanganin.

Sa katunayan, si Sen. Bong Go ang may akda ng Malasakit Centers Act na nilagdaan naman ni Pangulong Rodrigo Duterte noong Disyembre taong 2019 upang mabigyan ng medical assistance ang mga benepisyaryo ng nasabing programa.

Ang bawat Malasakit Center ay isang one-stop shop kung saan maaring magproseso ng pagsangguni sa iba't-ibang ahensiya, tulad ng PhilHealth, Philippine Charity Sweepstakes Office, Department of Health and Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Makakatulong rin ito sa pagbawas kahit papaano ng bayarin ng mga pasyente sa mga pagamutan.

"I am appealing to the next administration to continue implementing programs such as the Malasakit Center, which benefited the poor. Rich people do not go to public hospitals. Only the poor and the indigent go to public hospitals," pagbabahagi ni Sen. Go.






## BAKUNA PARA SA MGA VENDOR BIBIGYANG PRIYORIDAD SA BACOOR



Nakatakdang magbukas ng COVID-19 vaccination program para sa mga ambulant vendors ng Bacoor, Cavite sa naturang bayan.

Bukod rito, ibinalita rin ng lokal na pamahalaan ng Bacoor na hindi bababa sa 2, 584 na residente ang nakatanggap na ng kanilang bakuna sa tatlong vaccination site ng lungsod.

Ayon sa City Health Office, mayroon nang 10, 321 na kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa lugar, kung saan 399 sa mga ito ay aktibo at kasalukuyang nagpapagaling.

Samantala, iniulat rin ng CHO na nasa 9, 569 na rin ang bilang ng mga gumaling sa naturang sakit matapos ang karagdagang 18 pasyenteng tuluyan nang

## Safety Seal Certificate, iginawad na sa Imus BFP Provincial Office

Safety Seal Certified na ang Provincial Office ng Bureau of Fire Protection (BFP), kung saan kinilala ito bilang unang government office na nakatanggap ng naturang sertipiko sa Imus.



Resulta ito ng kanilang pagsumite ng mga kinakailangang dokumento at pagpasa sa isinagawang inspeksyon ng Department of Interior and Local Government (DILG) Inspection Team ng Imus.

Nabigyan ng naturang sertipiko ang ahensiya dahil sa matagumpay na pagpapatupad ng health protocols para sa kapakanan ng mga mamamayan ng bayan.

Kaugnay nito, patuloy na umaarangkada ang application ng iba pang kagawaran, kasama ang iba pang barangay offices, sa pagsesertipika ng safety seal compliance.

Anila, hinihikayat nila ang mga ito na sumangguni at magpa-sertipika para sa kaligtasan ng mga Imuseño.

Samantala, nagpasalamat naman si Imus Mayor Emmanuel Maliksi sa naturang proseso na patuloy na isinasagawa upang maisaalang-alang ang kaligtasan ng mga residente ng nasabing bayan.

"Pinasasalamatan natin ang BFP Cavite sa pangunguna ni Provincial Director SUPT. Rene V. Bullos para sa masugid na pakikiisa ng kanilang ahensya sa inisyatibong ito, na isang mahalagang hakbang sa ating laban kontra pandemya," ayon sa post ni Mayor Maliksi.





ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## Uri ng headache at tamang gagawin; Ba't kumukulo ang tiyan 'pag gutom

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

1. Tension headache - Pakiramdam na parang may headband sa noo at mahigpit o masikip sa noo at likod ng ulo. Kapag hinawakan ang balat, masakit sa anit, leeg o balikat dahil sa stress, galit, pag-aalala, lungkot at kaba.

2. Migraine headache – Minsan, masakit sa kalahating parte ng ulo, nahilo o parang nasusuka, sensitibo sa liwa-nag, ingay at parang pagod. Gayundin may "aura" o warning signs na para bang umiilaw o blank spots o iba't ibang kulay ang nakikita.

3. Cluster headache - Ang sakit na pumupunta sa may mata, mukha, ulo, leeg at balikat. Sa isang parte lang nakararanas ng pagluluha at mapula ang mata, may sipon, at sobra ang sakit.

Kadalasan sumasakit din ang ulo ng mga bata at teen-agers sa ilang kadahilan tulad ng stress sa eskwela, ka-ibigan at pamilya. Minsan, masakit ang ngipin, o may impeksyon sa tenga o lalamunan.

Rekomendasyon:

1. Kung migraine headache, iwasan ang mga triggers na pagkain, kumain ng regular tatlong beses sa 1 araw at uminom ng sapat na tubig.

2. Magkaroon ng sapat na tulog, huwag magpupuyat.

3. Kung mag-e-ehersisyo, piliin lamang ang kaya ng inyong katawan o iyong mga magagaan lamang.

4. Relaxation technique: magpamasahe, meditation, at ang pagligo ng maligamgam na tubig ay may tulong para mabawasan ang sakit ng ulo.

5. Cold compress para sa masakit na ulo. Warm com-press sa masakit na muscle.

6. Iwasan ang sobrang mapagod, pati na ang sobrang lamig o init.

7. Kumunsulta sa Neurologist na doktor kung sobra ang sakit ng ulo, sobrang hilo, nagsusuka, walang balanse, may mataas na lagnat, at kung nawalan ng malay.

* * *

Bakit kumukulo ang tiyan kapag gutom?

Kapag maingay ang iyong tiyan, maraming kadahilanan ito. Una sa lahat, ang tunog na naririnig ay maaaring galing sa bituka o small intestines, at hindi sa tiyan. Ang masel ng bituka ay talagang humihilab at tumutunog. Ito'y para gumalaw ang likido at hangin sa loob ng ating tiyan.

Puwedeng kumulo ang tiyan kung gutom o kahit busog tayo. Normal na magkaroon ng tunog ang tiyan.

May mga pagkakataon na mas malakas ang tunog o pagkulo ng tiyan.

1. Kapag nagugutom tayo, humihilab ang sikmura at bituka para ilabas ang natitirang pagkain na kinain mo. Kapag nakakain ka na ay mas tatahimik ang iyong tiyan.

2. Kapag na-stress ka, puwedeng may paikot-ikot na sakit sa tiyan, kasama na ang paghilab ng bituka. Ito ang tinatawag sa Ingles na "butterflies in your stomach".

3. Kapag nakakain ng panis o maruming tubig, puwedeng humilab ang tiyan bago magtae. Gastroenteritis o impeksiyon na nakuha sa maruming pagkain ang dahilan nito. Uminom nang maraming likido (tubig, sopas o lugaw) at kumain ng saging.

4. Kapag may ulcer o hyperacidity, sumasakit sa itaas ng tiyan sa lugar ng sikmura. Ang sakit na ito ay kadalasang nararamdaman kapag ika'y gutom. Nababawasan ang sakit kapag kumain ka ng saging o tinapay. Uminom din nang maraming tubig para mahugasan ang asido sa tiyan.

5. May iba pang dahilan ang pagkulo ng tiyan tulad ng bulate, bato sa apdo (gallbladder stone) at kanser. Kumunsulta sa doktor.

6. Kahit gaano ka kasuwerte sa buhay, huwag na huwag mo sanang kalimutan ang Diyos na gumagabay sayo. God bless po.

# Culture of 'idolatry'

HUWAG tayong magtaka kung bakit marami sa mga nahahalal na opisyal ng pamahalaan ay mga bantog na en-tertainment celebrities sa showbiz o ibang larangan tulad ng sports. Ito ay dahil sa tinatawag kong "culture of idolatry" na umiiral sa maraming botanteng Pilipino.

Kaya basta sikat at iniidolo ang isang artista o sports-man, walang pasubaling iboboto siya ng kanyang nga fans kapag tumakbo sa anumang posisyon. Hindi pa rin tayo nagbabago at napakababa pa rin ng antas ng ating poli-tical maturity.

Ang siste, kapag nahalal ang isang artista o sports per-sonality at makagawa ng mga kapalpakan tulad ng kama-lian sa pagsasalita ng Ingles o kaya ay magharap ng ka-tawa-tawang panukalang batas, ang mismong lumalait at nagtatawa sa kanya ay 'yung nga taong bumoto sa kanya.

Kaya ang apela ni Sen. Ping Lacson sa mga botante, huwag magpatangay sa "entertainment" na naibibigay ng isang kumakandidatong celebrity. Hindi na tayo nadala. Masyado nang napasok ng mga taong walang kakayahan ang makinarya ng pamahalaan dahil lamang sa sila ay ini-idolo ng masa.

Mayroon din namang pulitikong galing sa showbiz na magagaling pero hindi lahat. Tama si Ping na ang mga botante ay dapat nang magpakatalino sa pagpili ng kani-lang leader na iboboto. Magkaiba ang showbiz at pagpa-patakbo ng pamahalaan.

Piliin 'yung may talino at kakayahang mapag-isa ang mga mamamayang watak-watak at masolusyunan ang problema ng ekonomiya at mapuksa ang karalitaan. Ba-gama't kailangan nating maaliw sa kinakaharap nating mga problema, 'yung mga ibang nakapagbibigay ng aliw ay huwag na sanang pasukin ang pamamahala sa gobyerno kung wala silang kakayahan na ganitong larangan.

## EDITORIAL

# Mga tunay na bayani

ANG mga matatawag na tunay na bayani ay 'yung handang tumulong sa kapwa na nasa panganib at hindi na inisip ang sariling kaligtasan. Sila 'yung mga hindi na nag-aatubili na dumalo o sumaklolo sa kapwa na nasa bingit ng kamatayan. Ang nasa isipan nila ay agarang makapagligtas ng buhay at bahala na ang mga sumusunod.

Ganyan ang ipinakita ng mga bayaning nagres-ponde sa bumagsak na C-130 cargo plane sa Patikul, Sulu noong Linggo (Hulyo 4). Nang makita nila ang pagbagsak at pag-usok ng eroplano, agad silang nagtungo sa crash site at tinulungan ang mga biktima na pawang sundalo. Kahit na nagliliyab na ang eroplano, pinilit nilang hinila ang mga katawan ng sundalo na nasa loob. Hindi nila inalintana ang naka-lalapnos na init mula sa nasusunog na C-130 at ang mahalaga, makapagsagip sila ng buhay.

Isa sa mga unang rumesponde sa crash site ay si Sherif Albridge Abdua Sakkam, 28, miyembro ng CAFGU Active Auxiliary ng 5th Special Forces Company. Marami silang nailabas na mga sundalo sa nasusunog na eroplano. Isang sundalo na kan-yang dinaluhan ang nagmamakaawa na huwag siyang iiwan. "Kapit lang sir ha, babalik kami". Iyan ang sinabi ni Sakkam sa sundalo. Dinala muna nina Sakkam ang hawak na sugatang sundalo sa naghihintay na sasakyan at saka niya binalikan ang nagmamaka-awang sundalo. Karamihan sa mga sundalong na-rescue nina Sakkam ay nakaligtas kabilang ang nagmakaawa sa kanya.

Ang construction worker na si Erham Awalludin, 22, ay kasalukuyang nagtatrabaho sa construc-tion- site nang bumagsak ang C-130. Hindi nagdalawang-isip si Erham at mabilis na nagtungo sa crash site, iyon ay sa kabila na pinagbawalan siya ng kanyang foreman sa construction at binalaan na ang aalis sa trabaho ay walang susuwelduhin sa araw na iyon. Tumulong si Erwan na mailabas sa nasusunog na eroplano ang mga sundalo. Nang interbyuhin si Erham, sabi niya, "Gusto kong tumulong sa mga biktima kaya nagmamadali akong nagtungo sa pinag-bagsakan. Hindi ako natakot sapagkat ibig ko talagang makatulong."

Sina Sakkam, Erham at iba pang sibilyan na tumu-long sa mga biktima ng C-130 ay mga tunay na bayani. Hindi sila nagdalawang-isip na tumulong kahit na ito pa ay magdulot ng panganib sa kanilang buhay.

Hindi sana malimutan ng Armed Forces of the Philippines ang ginawang kabayanihan ng mga taong ito. Kilalanin sana ang hindi matatawarang pag-aalay nila ng sarili sa mga biktima ng plane crash.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.

Email: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com.

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA M. BALAGTAS**
Publisher

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Ang iyong mgakatrabaho ay cooperativesa'yo. Picture perfect anginyong romance ngiyong especial someone. Isangkapamilyaangnagha-hangadngiyongatensiyon, huwagipagkait. Lucky number at color for the day ang 17, 27, 32, 45 at orange.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Angiyong best friend mulasa abroad ay bibisitasaiyo. Maramisiyangdalangpasalubongnaikatutuwa mo. Lucky number at color for the day ang 13, 29, 22, 51 at pearl white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Meron good news mulasaiyong lawyer. Mata-tamomonaang financial freedom. Ingatanangkalusugan. Lucky number at color for the day ang 19, 23, 41, 53 at blueberry.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Recipient kangisang delightful interesting romance surprise. Magkakaroonng love at first sight sabagongkakilala. Lucky number at color for the day ang 12, 25, 29, 20 at gray.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Iwasanangmgacomfrontation. Magi-ging funs club mosilakapagna-overcome angpananadya. Lucky number at color for the day ang 23, 35, 46, 39 at purple.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Sundinangkutobnadesisyonparasaiyongnegosyo. Angromance at feel good moment angmagpasayasa'yo. Lucky number at color for the day ang 15, 23, 37, 43 at carnation pink.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Nakakairitaangaraw. Mgamaliitnabagay ay pinapalaki. Mag-ingatsa 'di pagkakaunawaansapaligid. Lucky number at color for the day ang 23, 25, 41, 54 at green.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Mapanlinlangang vibration saarawnaito. Suriingmabutiangmga financial document, bagolagdaan. Lucky number at color for the day ang 39, 47, 53, 56 at citrine yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Pakingganangsinasabingkapwa. Sikapinnamapansin at paha-lagahanmoangmganagmamalasakitsa'yo. Lucky number at color for the day ang 59, 54, 32, 46 at garnet red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Tatanggapng good news sapaglalakbay. Merong magi-sponsor sa'yopara ma-promote angisang resort. Lucky number at color for the day ang 14, 21, 45, 31 at lemon green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Angkaibigan ay magbabahagingkanyanghinagpissakanyangkarelasyon. May matututuhangaralsakanya. Lucky number at color for the day ang 27, 19, 32, 49 at wisteria pink.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Angiyongkakayahansa problem solving ay excellent. Kaya masasagutanlahatngtanongsamodyul, kung estudyante. Lucky number at color for the day ang 14, 21, 27, 36 at lilac violet.

# Vaccine complete, Benefits on fleek: Diskwento para sa mga bakunado

Kasado na at isinusulong ang listahan ng mga benepisyo at diskwentong maaaring makuha ng isang indibidwal na mayroon nang kumpletong bakuna kontra COVID-19, na magiging epektibo mula ngayong Hunyo 1 hanggang Agosto 31.

Kabilang sa mga lugar na ito ay ang mga nakapaloob na lalawigan sa NCR Plus, tulad ng Metro Manila, Bulacan, Cavite, Laguna at Rizal na mayroong karampatang benepisyong posibleng matanggap mula sa 188 food establishments sa kani-kanilang lugar.

Ang mga establisyimentong ito ay kaisa sa programang Smart Bakuna Benefits sa ilalim ng Ingat Angat Bakuna Lahat Campaign na inilunsad naman ng Task Force T3 (Test, Trace, Treat), Smart Communications, at Resto PH.



Layon ng programang ito na mahikayat ang mga tao upang muling makabangon sa dagok ang ekonomiya ng bansa dahil sa naidulot ng kasalukuyang pandemiya.

Kung nanaiisin ng isang bakunadong indibidwal na ma-avail ang kanilang mga diskwento, mangyari lamang na ipakita ang kanilang orihinal na COVID-19 vaccination card at isang valid ID.

Narito ang ilan sa mga food establishments na maaring makatanggap ng diskwento kung ikaw ay isang bakunado:

• Amci- mayroong libreng scoop ng kanilang kilalang gelato na nagkakalahaga ng P100 ang isang vaccination card holder kung mayroon siyang nabiling produktong nagkakahalaga ng P450 sa shop.

• Blake's Wings and Steaks – maaari mo nang ma-avail ang Blake's All-In Platter sa halagang P1, 499, kung saan makakatipid ka ng P160 na halaga mula sa orihinal nitong presyo. Pinaalalahanan rin na para lamang sa dine-in ang naturang promo.

• Chowking – maaari kang magkaroon ng 10% ng diskwento sa lahat ng dine-in na transaksiyon.

• Cibo- libreng isang Panna Cotta Mango sa bawat minimum na halagang P1, 500 nabili mula sa shop.

• Frankie's New York Buffalo Wings – 10% discount para sa lahat ng dine-in transcations ngunit sa ilang piling seleksyon lamang ng kanilang produkto.

• Goldilocks- 10% discount kapag bumili ng nasa halagang P300 na produkto. Angkop lamang ito sa dine-in at take-out na transaksiyon.

• Greenwich – 10% discount sa lahat ng dine-in orders.

• Jollibee – 10% discount sa lahat ng dine-in transactions.

• Koomi Philippines – mayroon namang 20% na diskuwento sa kanilang featured drinks para sa lahat ng mga bakunado at may vaccination cards.

• Krispy Kreme – kapag bumili ng 12oz. na Krispy Kreme na inumin (Hot/Iced/Chillers), mayroon ka ring isang libreng Original Glazed doughnut na makukuha lamang sa pamamagitan ng in-store purchases.

• Macao Imperial Tea – mayroon itong promo na Buy 1 get 1 para sa kanilang classic Black Pearl Milk Tea na para sa dine-in at take-out na transaksiyon.

• Mama Lou's Italian Kitchen – 20% discount sa isang single receipt dine-in transaction, ngunit bago ito ay kinakailangan muna nilang punan ang kailangang detalye sa Bakuna Benefit form upang makuha ang naturang diskwento. Maaari lamang itong ma-redeem dalawang beses hanggang sa promo period na itinalaga ng naturang shop.

• Mang Inasal – 10% discount para sa lahat ng dine-in customers.

• Max's Restaurant – libreng Halo-halo Solo kung bibili ang vaccine card holder ng produktong nasa halagang P500 sa lahat ng branches ng Max sa buong bansa.

• McDonald's – 10% discount na angkop para sa mga solo meals at hindi kasama ang group offers sa dine-in transactions.

• Mo' Cookies – mayroon silang ibibigay na free moment card na P500 kung saan maaari nila itong magamit sa 10% discount sa kanilang dine-in transactions kung bibili sila ng produkto na aabot sa halagang P1, 000.

• Niu by Viking – mayroon silang iniaalok na 3 +1 promo kung saan sa grupo ng apat na indibidwal maaring makakuha ang isa ng isang libreng meal. Maaari lamang ito sa kanilang mga dine-in customers sa lahat ng kanilang branches.

• Potato Corner – libreng inumin naman ang ibinibigay ng naturang establisiyimento kung bibili ang mga bakunado ng Mega Fries, Giga o kaya naman ay Tera Fries.

• Samgyupsalamat – ang mga indibidwal na nakatanggap na ng unang bakuna ay maaari nang makakuha ng 5% discount sa naturang establisiyimento habang mayroon namang 10% na diskwento ang mga nakatanggap na ng kumpletong bakuna kung mayroon silang minimum spend na P1, 500. Angkop lamang ang naturang promo sa Robinson's Galleria, Galleria South at Arcovia branches simula Lunes hanggang Huwebes at hindi kabilang ang holidays.

• Sweet Ecstasy – isang libreng Cheeseburger ang handog ng establisiyimento kung bibili ang mga ito ng produktong nagkakahalaga ng P1, 500.

• The Alley by Vikings – mayroon silang 3+1 promo kung saan sa grupo ng apat na indibidwal maaring makakuha ang isa ng isang libreng meal. Angkop para sa mga dine-in transactions sa lahat ng branches nito.

• The Coffee Bean and Tea Leaf – libreng free upsize na inumin na angkop lamang para sa mga dine-in at take-out transactions.

• Vikings Luxury Buffet - mayroon silang 3+1 promo kung saan sa grupo ng apat na indibidwal maaring makakuha ang isa ng isang libreng meal. Angkop para sa mga dine-in transactions sa lahat ng branches nito.

• Wolfgang's Steakhouse – isang libreng complimentary drink (cocktail, beer, iced tea) at dessert ang maaari nilang makuha kung sila ay bakunado na. Angkop lamang ito para sa mga dine-in transactions.

• Yellow Cab Pizza Co. – libreng 9" Classic NY-Style Thin Crust Pizza kapag nagawang maipresenta ang vaccination card na mayroong P750 halaga ng ala carte products mula sa naturang establisiyimento. Angkop lamang ito para sa mga dine-in transactions.

Ilan lamang ang mga ito sa 188 na establisiyimentong may inihahandog na diskwento para sa mga vaccination card holders. Para sa kumpletong listahan ng mga establisiyimentong mayroong diskwento, bisitahin lamang ang Ingat Angat's website para sa ilan pang impormasyon.

Kasabay nito ang pagpapaaalala na hindi magagamit ang mga rpomo kasama ang iba pang mga diskwento sa establisiyimento at maaari lamang magamit sa mga dine-in at take out na transaksiyon, maliban kung ito umano ang

BAYAN NG CARMONA CAVITE
WEEKLY REPORT on the Activities & Programs of Carmona

# Mga Iskolar ng Silang, GMA, tumanggap ng tulong pinansyal

Tinatayang nasa 668 na mga mag-aaral sa kolehiyo sa bayan ng Silang at General Mariano Alvarez (GMA) ang nakatanggap ng tulong pinansyal mula sa Iskolar ng CarSiGMA Educational Assistance Program.

Ito ay inilunsad sa pangunguna ni Congresswoman Dahlia Loyola, katuwang ang DSWD IV-A, kung saan namahagi sila ng educational assistance para sa mga benepisyaryo ng programa.



"Patuloy kayong mangarap, gawin ninyo ang nararapat upang makamit ito. Huwag kayong bibitiw kahit gaano man kahirap. Ang mga paghihirap na ito ang magiging inspirasyon ninyo para lalo kayong magpursigi na magtapos ng pag aaral," pabatid na pahayag ni Congresswoman Dahlia.

Hinihikayat niya na maglaan ng dedikasyon at pagtibayin ang lakas ng loob ng mga estudyante upang makatapos sila at makamit ang kanilang mga mithiin sa buhay.

"Ipagpatuloy ninyo ang ipinapakita ninyong determinasyon sa gitna ng mga pagsubok na kinakaharap natin ngayon. Asahan ninyo na narito kaming mga lingkodbayan upang suportahan kayo sa inyong pag-aaral ngayong panahon ng pandemya." dagdag ni Congresswoman Dahlia.

Samantala, present naman sa naging distribusyon sina BM Ivee Reyes, Silang LGU at GMA LGU na pinangasiwaan ni Mayor Corie Poblete at Acting Mayor Maricel Torres.

Inaasahan na mas marami pang kabataan ang matutulungan ng nasabing programa.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 19 JULY 5 - 11, 2021 10.00


# 1.5-M doses ng NOVAVAX VACCINE inaantabayanan ang pagdating sa Cavite



Kinumpirma ni Cavite Governor Jonvic Remulla ang paparating na 1.5-milyong doses ng bakunang Novavax sa lalawigan ng Cavite sa darating na unang linggo ng Setyembre.

Ibinahagi niya ang naging kasunduan ukol sa suplay ng bakunang ito sa kaniyang social media page.

"We are still waiting for the emergency use authorization of Novavax, but we already have the standing order," ayon kay Cavite Gov. Remulla.



Ayon sa pag-aaral, sinasabing ang bakunang inorder ng lokal na pamahalaan ay mayroong 98% na effectiveness kontra COVID-19.

Matatandaang nauna nang naka-order ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite ng 3-milyong doses ng Novavax para sa halos 1.5-milyong residente ng Cavite noong Abril.

Kaugnay nito, nasa 459, 952 na ang nakatanggap ng bakuna kontra COVID-19, kung saan 369, 560 sa mga ito ang nakatanggap na ng unang bakuna habang 91, 390 naman sa mga ito ang nakatanggap na ng kumpletong bakuna.

Inaasahan na mas marami pang mabibigyan ng kaukulang proteksyong pangkalusugan hanggang sa mayroon pang suplay ng bakuna ang probinsiya.




Nakipagpulong si Department of Transportation (DoTr) Secretary Arthur Tugade sa mga drayber at konduktor sa Cavite noong Biyernes, Hulyo 2.

Ang mga naturang aktibidad ay naganap sa Dasmariñas National High School at sa Meadow Wood Village sa Panapaan, Bacoor City.